



Pasakay na dapat si Jude ng kotse nang mag-vibrate ang cell phone niya. Dinukot niya ang gadget mula sa bulsa at naningkit ang mga mata nang mabasa ang caller ID.

Michaela.

He eyed Ellen who was sitting in the front passenger seat. Nakatingin lang ito sa kanya, nagtataka marahil kung bakit hindi pa siya sumasakay ng kotse. Jude gestured for her to wait. Sumandal siya sa gilid ng sasakyan.

He answered the call. “Hello.”

“Finally,” tila relieved na sagot ng nasa kabilang linya. “Jude, about what we’ve talked about—”

“Don’t you do that again, Michaela,” he warned in a dark tone. “Huwag na huwag mo akong pupuntahan. You shouldn’t have come to Tagaytay.”

“You know I don’t like going to you either. Kung hindi lang dahil kay Mikey—”

“Nakausap ko na si Mikey. Wala nang problema. Now I don’t know what else could be the problem.”

“He doesn’t want to go to America, Jude.”

“Don’t tell me you want to leave Mikey to me?”

“Of course not. He’s mine.”

“Good! So ano ang kinalaman ko ngayon sa problemang iyan?”

“Mikey listens to you more than he listens to anyone, Jude, that’s why I need your help.”

Bumaba na si Ellen mula sa sasakyan kaya naalerto si Jude.

“We can talk about this later, okay?” At agad na niyang pinatay ang phone.

“Any problem?” tanong ni Ellen kay Jude.

He inhaled sharply and breathed out calmly. “Wala.” Umiling siya. “I hate business interruptions during my intimate dates.”

Nakangisi na ngayon ang lalaki. It made her smile.

“So, it’s a date pala. Akala ko dinner lang.”

“Well, dear wife—” Binuksan nito ang pinto ng kotse, “—this is a dinner date. And I believe this is our first date, right?”

Natawa si Ellen. “Oo nga, ’no? Funny.”

Natawa na rin nang konti si Jude, mas magaan na ang pakiramdam. “Now get in the car.”

Sumunod si Ellen at ilang saglit pa ay magkasama na sila sa loob ng sasakyan. They glanced at each other and smiled before Jude started the engine.



Hindi lahat ng happy ever afters ay peak moments. May time na boring talaga o aatake ang boredom.

Nakapag-post na sila sa gate ng *Wanted: Housemaid*. Maging sa Classified Ads, nagpa-publish na rin si Jude.

Isang araw na at wala pang pumupunta sa bahay nila para mag-apply. Therefore, nakaupo lang sila sa isang long bench sa tabi ng pool sa ilalim ng puno at nakatunganga lang talaga.

It was the most peaceful scenario that Ellen could ever imagine, being in Jude’s arms, sitting, watching the pool water ripple when there was a gentle wind.

“Wala ba tayong gagawin today?” Tiningala ni Ellen ng asawa.

“I don’t want to go out,” he grunted. Hinigpitan lang nito ang pagkakayapos sa kanya.

“Me too.” Ngumiti siya. “Ayoko naman ma-bore.”

“Getting bored of my company?”

“Of course not.” Ngumuso siya. “Kaya lang, are we just gonna sit here all day?”

“Yeah. We can also talk, you know.”

“Talk about what?”

“I think we have met years ago. Don’t I look familiar?”

Tinitigan siya ni Ellen. “We’ve met? Paano mo nasabi?”

“I’m the pirate guy.” He grinned. “Well, pinormahan kita noon. You were in a witch costume. Uhm, sexiest witch by the way.”

“That Halloween?”

He grinned. “Best Halloween, right? You met your future husband.”

Nawala ang ngisi ni Jude dahil sa kakaibang hitsura ni Ellen. Napatulala ito.

“What’s wrong?”

“That day... namatay sina Mama.”

Napapikit si Jude. “Oh.” Saglit silang natahimik. “We are going to visit her one of these days, okay?”

“Thank you.”

He kissed her cheek. “For now, let’s just enjoy our date, hm?”

“Opo.” Ngumiti na si Ellen. Then, something popped into her head. “Ang swerte mo, ’no?”

“Lucky how?”

“I mean, look, hindi ka nahirapan sa panliligaw. You instantly had me for a wife. Samantalang nagkakandarapa ’yung mga kaklase ko n’ung college.”

“Well, it’s what we call fate. They can’t beat me kahit gaano pa sila magkandarapa.”

“Ligawan mo kaya ako?”

“Are you serious?”

“I just want to see kung papasa ka man lang kung nanligaw ka.”

Naningkit ang mga mata nito. He released her para magkaharap sila. “Kung liligawan kita, ibig bang sabihin maghihiwalay na naman tayo ng bahay? No way.” Yumakap na ulit ito sa bewang niya.

“Can’t accept a challenge, huh?”

“Are you trying to say I have no guts?”

“Well...” Nag-eyeroll si Ellen.

“Are you seriously challenging me?”

“Well...”

He released her again. “Fine.” He sighed in resignation. “But we’ll stay in one house, and we are still husband and wife. Dagdag lang ’yung ligawan, okay?”

She giggled. “Fine!”

*Ano na naman kaya ang sumanib sa babaeng ito? naisip ni Jude.*



Napangiti si Ellen nang mag-ring ang cordless phone sa table na katabi ng sofa. She giggled and curled up in the corner of the seat nearer to the phone.

Nakakaapat na ring na iyon nang sumulpot si Jude mula sa dining room. May hawak itong cell phone.

“Aba, sagutin mo na ’yung tawag!” utos nito kay Ellen.

“Bakit nandito ka?” Hinarap niya ito. “Kaya ka nga tumatawag kasi kunwari separate houses tayo, di ba?”

“Bakit ko ba kasi sinasakyan itong trip mo?” he muttered as he walked back to the dining room.

Nang muling tumawag si Jude, hinintay ni Ellen na makalimang ring ang phone bago niya sinagot iyon.

Sumandal si Jude sa bintana sa dining room, nakatanaw sa

swimming pool sa labas. “Ellen, can we go out?”

“Who’s this?”

Narinig niya ang bungisngis ni Ellen sa kabilang linya. Jude rolled his eyes. “This is your husband, Ellen.”

“Hindi ba manliligaw ka pa lang?”

“Ellen naman, tinatanong mo pa kasi kung sino ako. Obvious naman, di ba?”

“Eh, kunwari nga siyempre manliligaw ka, di ba? Ulitin mo.”

Ibinaba na ni Ellen ang phone.

Sa isip-isip ni Jude, next time talaga hindi na sila tutunganga lang. Kung anu-anong ideas kasi ang pumapasok sa isip ng asawa niya. Feeling niya tuloy uto-uto siyang basta sumusunod.

He dialed again. Mabilis na sinagot ni Ellen ang phone.

“Hello!”

“Hi. Good afternoon, Ellen.”

“Hi... Who is this?” Bumungisngis ito.

He rolled his eyes. “Jude.”

“Jude who?”

“The most handsome man in the world.”

“Ang yabang!”

Halos mabingi siya nang ibaba ni Ellen ang phone.

Well, at least he tried.



*Fifth call.*

“So saan mo naman ako idi-date?” Nag-e-enjoy talaga si Ellen. Kinikilig siya.

Jude was grinning, leaning against the dining room window. He was finally winning her over.

“Where would you like to eat? How about French cuisine? Or maybe Italian—”

“Jude,” nguso ni Ellen. “Hindi ba nanliligaw ka ’tapos kunwari teenagers tayo. Siyempre dapat hindi mo ako niyayaya sa mga ganyang lugar kasi wala ka pang trabaho n’un.”

He rolled his eyes. Uulit na naman yata siya!

“Ayoko na!” Sinugod na niya si Ellen sa sofa at dinaganan niya ito.

Natawa na lang si Ellen at hinaplos sa mukha si Jude. “Giving up, huh?”

“Now I know why we got married first. It’s a good thing you’ve said ‘I do’ before I had to this... this crappy courtship.”

“So courting me is crappy, huh?” Tinaas niya ng kilay sa asawa.

“It’s just a waste of time.” Inilapit nito ng mukha sa kanya.

“Ah. Pleasing me is a waste of time.”

“Sheesh.” He quickly kissed her lips. “You know that’s not what I meant. Siguro hindi lang ako sanay na may mga limitasyon ako. Kasi wala kang magulang na magbabawal sa iyo na lumabas ka, wala kang homework galing school, walang curfew...”

Nagkibit-balikat si Ellen. She ran her fingers through his hair. “How will you please me then?”

“Well, we have a menu for that, Ma’am.” Ngumisi nito.

“Would you like a kiss?”

“A bowlful of kisses, please.” She giggled.

“Hugs?”

“Hmm, just not too tight.”

“Some lovemaking?”

Natawa si Ellen. “Reserve that for tonight, dear husband.”

“So just a hug and a kiss for now?”

“I said a bowlful of kisses, didn’t I?”

“Bowlful of kisses.” He licked his lips. “Coming up.” And Jude leaned down to kiss her lips, the best kiss he could give her. When

they parted, he saw her eyes flutter open. He unconsciously smiled. “Beautiful. Anything else, Ma’am?” He placed a finger on the tip of her nose.

“Kiss me again.” Yumakap si Ellen sa leeg niya.



Kinabukasan, may mga nagdatingan nang mga applicants para maging housemaid nila. Isa sa kanila ay ang seksing babae na matanda lamang kay Ellen nang ilang buwan. Naka-jeans ito at tight blouse. Ellen narrowed her eyes. Siniko niya agad si Jude nang matawa ito sa reaction niya.

“What?” nakangising tanong ni Jude.

“I don’t like her,” she whispered back.

“Why?”

“Good morning, Ma’am,” bati ng may kalandiang applicant.

Napansin din kasi ni Ellen na kanina pa ito ngumingiti at kumikindat sa asawa niya pag akala yata nito ay hindi siya nakatingin. Resume ang iniabot nito at hindi iyong mamisong bio-data na ipinasa ng mga naunang aplikante. Pagtingin niya sa educational background, napamulagat siya nang makitang college graduate ito. At nag-a-apply na katulong?

Tumunghay siya at tinitigan ito. “Good morning.” Tumaas ang kilay ni Ellen. “You’re better off as a fashion model. Now leave.”

Napasimangot talaga ang aplikante pero tumayo na at umalis. Siguro dahil sa talim ng tingin ni Ellen kaya hindi na nakipagtalalo pa.

“That fast, huh?”

“I don’t like her,” pagdadahilan na lang ni Ellen.

“I don’t like her as well.” Humalik si Jude sa pisngi ng asawa. He found it amusing. Ellen was never jealous. Ngayon lang siya nakakita ng hint na marunong din pala itong magselos.

They ended up hiring a woman in her late forties. Manang Gina na lang daw ang itawag nila rito.

“Kailan po ba kayo puwedeng mag-start magtrabaho, Manang Gina?” tanong ni Jude habang nakayakap si Ellen sa braso niya.

“Bukas na bukas din po.” Ngumiti ang matanda. “Malapit lang naman po ako dito.”

“Sige.” Jude nodded. “I hope you could get here before lunch time, Manang. Kayo na po ang aasahan naming magluto.”

“Opo, Sir,” nakangiting sagot nito.

“Tutulong po ako sa kusina, Manang,” ani Ellen.

“Salamat po.” Masayang-masaya ang matanda sa pagkaka-hire.

“Do you think magtatagal siya sa atin?” tanong ni Ellen sa asawa nang makaalis na si Manang Gina.

“Of course,” nakangising sagot ni Jude. “If it is about hiring, I’m a good judge of character. Alam ko kung sino ang mapagkakatiwalaan.”



Napatunganga si Ellen nang damputin ulit ni Jude ang susi ng kotse. Kahuhubad lang nito ng black coat. Kararating lang nito galing sa opisina. Pagharap nito sa direksyon niya, napatayo siya mula sa kama. Namumula siya sa pagkaka-pose niya. She had something special planned for the night.

Binigyan na siya ni Jude ng sariling cell phone. Medyo tumututok na rin ito sa trabaho kaya madalas itong wala sa bahay. Naiwan mag-isa si Ellen at pag ganoon, bumibisita siya kay Stella. Minsan, dumadaan si Marco sa bahay nila, pero hindi rin nagtatagal ang lalaki dahil busy ito sa trabaho. Hindi nagkaka-encounter ang dalawang lalaki kaya walang nangyaring parinigan. Ano pa nga ba? Meron na silang joint bank account na mag-asawa.

At tinuturuan na din siya ni Manang Gina kung paano



magluto.

Ibinuhol na lang si Ellen ng robe na huhubarin sana, para takpan ang lingerie-wrapped skin niya.

“Kakauwi mo lang, ah,” komento niya. “Where are you going?”

“I left something important somewhere.” Humalik si Jude sa pisngi niya. “Babalik ako kaagad.”

Nakalabas na ito ng pinto, nagmamadali, kaya “Okay” na lang ang nasabi ni Ellen.



“You didn’t have to pressure the kid,” Jude muttered. Iniikot nila ang buong subdivision para mahanap ang anak na si Mikey.

Lasing si Jude nang gabing iyon. His nightlife involved booze and one night stands. At nabuntis nga niya si Michaela that unfortunate night.

Nag-offer na lang siya na sustentuhan ang bata at wala nang naging problema. Michaela was a wild party girl. She understood that what they had was a no-strings-attached *non-relationship*.

Iyon nga lang, siyempre, naghahanap ng tatay si Mikey habang lumalaki. At pagkatapos ng maraming taon na walang komunikasyon sa babae, muli itong sumulpot at wala nang choice si Jude kundi ang magpakilala kay Mikey. Kasama rin sa obligasyon niya ang puntahan ang bata kapag kailangan siya nito. Nakakakonsyensya, pero nagagawa lang niya itong puntahan kapag hinahanap na talaga siya nito.

Sa kabila ng batang edad, naiintindihan na ni Mikey na biological dad nito si Jude, at ang ama nito ngayon ay si Andres, Michaela’s husband. The two got married about two months ago.

“I wasn’t pressuring the kid,” iritadong sagot ni Andres. Nasa harapan ang dalawang lalaki habang si Michaela ay nasa backseat, kung sinu-sino na ang tinatawagan para ipagtanong kung pumunta ba sa mga ito o kung nakita ng mga ito si Mikey.

“Hindi naman maglalayas iyon kung hindi n’yo pini-pressure.” Patingin-tingin si Jude sa labas ng bintana sa pag-aasang makikita

ang anak sa daan.

“The fuck you know about the kid?”

“Stop it, okay?” angil ni Michaela sa dalawa. “You should be helping me find Mikey!”

Napa-eyeroll si Jude. “I am doing that, all right? Gustong-gusto ko na ngang matapos ito para makauwi sa asawa ko!”

Bumigat ang pakiramdam ni Andres sa pananahimik ni Michaela sa narinig na sinabi ni Jude.

“That woman... your wife, he’s turned you into a responsible man, ha?” Malungkot ang ngiti ng babae.

“Shit, hahanapin ba natin si Mikey o ano?” sabat ni Andres sabay kabig sa manibela pakanan.

Napatili na lang si Michaela dahil pagliko nila ay may sumulpot na bata. Agad na naapakan ni Andres ang brake kaya hindi ito nasagasaan. Napaatras nga lang ang bata at bumagsak sa semento. Nagmamadali silang bumaba ng sasakyan. Andres left the headlights on. Nakatayo na ang bata mula sa pagsempalang.

Naunang makalapit sa bata si Jude, at binuhat ito. Bigla kasi itong yumakap sa kanya—si Mikey.

“Papi!” iyak nito.

Napailing-iling na lang si Andres. Yumakap naman si Michaela sa asawa at naluluhang isinubsob saglit ang mukha sa dibdib nito. Then, she stared at Mikey hugging Jude.

Hinaplos ni Jude sa ulo ang bata. “Umuwi ka na, Mik.”

“Ayoko, Papi!” Tumitig ang anak sa kanya. “Pupunta daw kami ng America! Ayoko doon, Papi!”

“America is a beautiful place, Mik. Bakit ayaw mong pumunta doon? Kasama mo naman si Mama mo at si Papa Andres?”

“Ayoko, Papi. Ayoko po.”

Napatitig si Jude sa mag-asawa.

*What now?* Iyon ang itinatanong ng mga mata niya sa mga ito. Siya lang ba talaga ang gagawa ng trabaho dito?

Niyaya na niya sa kotse ni Andres si Mikey. Isinakay naman ng lalaki ang bisikleta ng bata sa trunk. Umupo silang mag-ama sa back seat at sa unahan na naupo si Michaela katabi ng asawa.

Malapit na sila sa bahay ng mag-asawa nang mapagbago ni Jude ang isip ng anak. Nakaakbay siya rito habang nagkukwento.

“Siyempre, napakalamig doon pag winter. Dapat makapal ang jacket mo at may bonnet ka pag nag-snow na. At dapat magpapakabait ka sa mama mo.”

“Eh, Papi, paano ka? Maiiwan ka dito.”

Nagkatinginan sina Jude at Andres sa rearview mirror. Hindi lang maipakita ni Andres, pero natutuwa ito sa tiyaga ni Jude sa bata. “Nand’un naman si Papi Andres mo kaya hindi ka malulungkot. Magaling ’yan mag-basketball. Busy lang sa trabaho kaya hindi ka pa niya maturuan.”

“Talaga?” Napatingin ito kay Jude, pagkatapos ay kay Andres. “Papi Andres... totoo po iyon?”

May alam si Andres sa basketball pero hindi siya magaling. Umoo na lang siya sa sinabi ni Jude.

“Oo naman. Pagdating natin sa America, tuturuan kita kung gusto mo.”

“See?” baling ni Jude sa anak. He tousled the boy’s hair.

“Magugustuhan mo sa America.”

“Mami-miss kita, Papi.” Yumakap ang bata kay Jude.

Natawa si Jude, at hinaplos ang ulo ng anak. “Me too, Mik.”



Hindi pa nakakalayo ang kotse ni Jude sa bahay nina Michaela nang bigla itong huminto. Noon lang niya nabigyang-pansin ang gas meter ng sasakyan niya. He grunted. Hindi na siya nakapagpa-

refill ng gas ng sasakyan sa pagmamadali para hanapin si Mikey.

He started contacting the company driver para sunduin siya doon o dalhan ng gas. Pero bago pa siya nakatawag, nalapitan na siya nina Andres at Michaela. Binuksan niya ang bintana.

“What’s wrong?” nagtataakang tanong sa kanya ni Michaela. Nakaakbay sa babae ang asawa nito.

“I’m out of gas.” Nailing si Jude.

“Thatid ka na lang kaya namin?” alok ni Andres.

Napatitig si Jude dito. Hindi puwede iyon, baka makita sila ni Ellen at magtanong ang asawa niya. Of course, he couldn’t tell her that Michaela was a fling, at may anak siya rito! This had better stay a secret. Besides, papunta na rin naman sa America ang pamilya. They would be out of their lives so why let Ellen know?

“Come on,” tapik sa kanya ni Andres. “Pasalamat man lang namin for convincing Mikey na sumama sa amin sa America.”

Alanganing napangiti si Jude, nag-iisip ng ibang dahilan para tumanggi. “Sino’ng maiiwan para magbantay kay Mikey?”

Kumpyansa si Michaela. “Bantay-sarado na iyon ng mga yaya. Isa pa, hindi na iyon magtatangkang tumakas. Nakausap ka na, eh.”



“Iba yata talaga siguro kapag... kapag ikaw ang tunay na ama, no?” alanganing komento ni Andres sa katabing si Jude.

Nasa back seat ng sasakyan si Michaela.

“It’s called convincing power,” Jude said, worrying about Ellen. For sure magtatanong ito kung bakit hindi niya gamit ang sasakyan pauwi.

“Convincing power?” tawa ni Andres. “Mas palagay talaga sa iyo si Mikey.”

“Bago pa lang kasi kayo nagkakilala,” baling ni Jude dito. “Pero pag nagtagal, tingnan mo, mas magiging close pa kayo, Andres.”

Nakarating din sila sa tapat ng bahay nila ni Ellen. At malamang tulog na ang asawa sa paghihintay sa kanya. Nagpaalam na si Jude, nagpasalamat at bumaba ng sasakyan.

Hinawakan ni Michaela ang asawa sa balikat. “Wait, love,” paalam nito, saka bumaba ng sasakyan para sundan si Jude.

“Jude!”

Alertong napalingon si Jude nang marinig ang boses ni Michaela. Lumapit ito sa kanya.

“What?” alalang napalingon-lingon sa paligid si Jude bago tinitigan si Michaela.

“Pag nasa America na kami, baka hindi mo na makita pa si Mikey o makasama.”

“I know that,” sagot ni Jude.

“Is that okay with you?”

“It’s much more convenient for me.”

Napasimangot si Michaela. “You never really loved Mikey, did you?”

Napabuntong-hininga si Jude, tumingala bago ulit tinitigan ang babae. “That’s unfair. Alam mong napamahal na sa akin ang bata.”

Noon napadaan si Marco sa street nila, at naabutan nitong kausap ni Jude ang isang babae. Out of curiosity and suspicion, binagalan nito ang pagmamaneho ng sasakyan.

“I love Mikey,” he answered honestly. “He’s my own flesh and blood. Pero alam mo na wala siya sa mga plano ko. Come to think of it, ikaw ang pinakanakakaintindi dapat dahil pareho nating hindi inaasahan na mangyayari iyon.”

She looked up at him. “Naiintindihan kita. Siguro hindi ko lang matanggap... and it really hurt my pride that I couldn’t tie down the most sought-after bachelor in town back then.”

Natawa na lang si Jude. “May asawa na ako, Michaela. At sigurado akong hindi magugustuhan ng asawa mo na marinig iyan.”

“I just want to thank you, Jude. Kung di dahil sa ’yo, baka kung ano na’ng nagawa ko n’ung nalaman kong buntis ako. Thank you for convincing me to keep him.” Niyakap siya ni Michaela nang mahigpit.

Nagulat si Jude at hindi nakakilos. Mabuti na lang din at humiwalay agad ang babae. Tumango-tango si Jude at tumalikod na para pumasok sa gate ng bahay nila.

Pagbalik ni Michaela sa kotse, hindi agad ini-start ni Andres ang sasakyan at binalingan saglit ang asawa. “You love him.”

“Dati.” “Hanggang ngayon,” giit nito. “Admit it.”

“Siguro.” Nagkibit-balikat si Michaela. “Sa sobrang desperation ko, nag-imbento pa ako ng kwento na anak namin si Mikey. I even presented him with fake DNA test results...” Tumingin ito sa asawa. “Pero mas mahal kita, Andres. Sana ’wag mong pagdudahan iyon.”

“Dapat inamin mo kaagad sa akin na anak ko si Mikey n’ung kinompronta kita, noong nalaman kong buntis ka at ipinipilit mong si Jude ang ama.”

“Naguguluhan pa ako n’ung mga panahong iyon. I was infatuated with Jude, sexually attracted to you...” Yumakap si Michaela sa braso ng asawa.

“Sexually, huh?” Ngumisi ito.

“Now mentally and emotionally, too.”

Tumingin si Andres sa unahan. “So we just leave it this way? Not telling Jude the truth?”

“For the meantime. Everything will fall into place. Nag-aalala ako na malulungkot si Mikey pag ngayon nawala sa buhay niya

si Jude. Saka na natin sabihin sa kanya pag nasa America na tayo. Kasi hindi ko na kayang ipaliwanag ang magiging absence ni Jude sa buhay ng anak natin once we're there.”



It was a fresh December morning.

Jude grunted. Bakit may naririnig siyang parang lagaslas ng tubig at gentle piano music? At mataas na boses ng babae? *Mariah Carey*? Nahahirapan man siyang idilat ang mga mata, pinilit niya. He sat up. At umagaw sa atensyon niya ang babae sa bintana.

Ellen.

Nakatalikod ito sa kanya. Napalunok siya sa kaakit-akit nitong hubog. She was wearing a silky white transparent lingerie. Nasisinagan ng araw ang asawa kaya medyo golden ang kulay ng buhok nito.

He found himself almost breathless at the sight of her body.

At ang slow, smooth at suave na paggiling-giling ni Ellen habang nakatalikod sa kanya. Nakaharap ito sa bintana, nakatingin sa labas, at sumasabay ang galaw ng ulo nito sa music.

Hindi nakikita ni Jude ang mukha ni Ellen, na noon ay nagli-lipsync sa background music.

Maganda ang gising ni Ellen. Nagsalang siya ng CD at nag-feeling na siyang *Mariah Carey*.

Napangisi si Jude nang humarap si Ellen, dramatically, habang patuloy pa rin sa pagli-lipsync.

Namula si Ellen nang makitang pinapanood siya ni Jude. “K-kanina ka pa gising?”

Jude bit his lower lip, pinipigilan ang sarili na matawa.

Hindi malaman ni Ellen kung maiinis o mas pananaigin ang nararamdamang hiya sa pagfi-feeling niya sa bintana so early in the morning. Actually, kanina pa siya nagpi-feeling. Nakakaapat na



kanta na rin siya.

Sumenyas si Jude na lumapit siya. “Come,” he gently commanded.

Lumapit naman si Ellen. He pulled her close. Medyo tiningala ito ni Jude dahil nakaluhod lang ito sa isang hita niya.

Ipinatong ni Ellen ang mga kamay sa balikat ng asawa at tinitigan ito. Ngumisi ito.

“You making fun of me?” Ellen tried to keep a straight face.

Hinapit siya nito sa baywang. He gently kissed the exposed skin between her breasts.

“You’re so beautiful.” Tiningala siya ulit ni Jude. “Now I know why I had to marry you.”

Hinawakan niya si Jude sa magkabilang pisngi. “Dahil lang maganda ako? Madaming maganda d’yan. Ibig sabihin pag nakakita ka ng mas maganda sa ’kin, ipagpapalit mo lang ako?”

“Halika nga!” Iniupo si Ellen ng asawa sa tabi nito at inakbayan siya. Bumaling ito sa kanya pagkatapos. “That playboy Jude... he’s dead. Dead na dead sa ’yo.”

Natawa lang si Ellen. “Corny, Mr. Castillo! Very corny!”

“Sa ’yo lang talaga yata hindi tumatalab ang galing ko sa babae, ah.” Umiiling na tumingin si Jude sa unahan.

“Jude...”

“Hmm?”

“Are you happy? Kasama ako?”

“Very. How can you doubt that? Let’s just be thankful.”

Pumikit si Ellen. “It makes me scared. Sana hindi na matapos ang ganitong feeling.”

He chuckled and kissed her lips. Lumalalim iyon sa bawat segundo. Naihiga na siya nito nang mag-ring ang 7AM setting ni Jude sa alarm clock.

“Noooo,” ungol ni Jude.

Natatawang niyakap ni Ellen sa leeg ang asawa. She pulled him close to kiss his cheek, his jaws, his neck, then pushed him away. “Go.”

“I’ll be back soon,” he promised.

Nakalabas na ng gate ang sasakyan ni Jude na kagabi rin ay inihatid ng company driver. Hindi naman nagtanong si Ellen kung ano ang nangyari sa sasakyan.

“Sige po, Manang Gina, isara na natin ang gate,” sabi niya sa kasambahay nila. Noon may humintong sasakyan sa tapat ng bahay nila at bumusina.

Nakita ni Ellen na pababa na si Marco mula sa sasakyan. Lumabas siya at sinabihan ang katulong na siya na ang bahala.

Nilapitan niya ang kaibigan. “Marco,” bati niya dito.

Namulsa si Marco na nakaitim na polo shirt at slacks. Hindi ito nakangiti pero hindi rin sobrang seryoso ang mukha. His face was pretty hard to read at the moment.

“Nandiyan ba si Jude?” tanong nito.

“Oh, kakaalis lang niya eh. Uhhh, bakit mo siya hinahanap?”

“I am not looking for him,” he said. “He’s not here, so I guess my timing is right.”

“Marco, you have nothing to worry about. Hindi naman nambubugbog si Jude or something.”

“Yeah, right. I just want to tell you something.”

“What is it?” Pinag-ekis niya ang mga braso sa dibdib.

“Ellen, alam mo na all my life, all I want is the best for you.”

“I...” Napayuko siya saglit bago muling tumingin sa kababata. “Yes, I know that, Marco.”

“Gusto ko lang na maging maingat ka at observant. Last night, nakita ko si Jude na may kayakap na babae dito sa harap

mismo ng bahay n'yo.”

Napataas ang isang kilay si Ellen. “Marco, if this is your way para sirain kami ni Jude—”

Napaatras si Marco. Tila na-offend sa narinig.

“Ellen, hindi ako kasing-makasarili ng tulad ng iniisip mo. Para ano pa at naging magkaibigan tayo kung ganyan pala ang iniisip mo sa akin?”

“I’m sorry—”

“You really think na iyan ang intensyon ko kaya kita wina-warning-an?”

“Marco...” Hinawakan niya ito sa braso, pero pumiksi lang ito.

“Baka ma-late pa ako sa trabaho. Dumaan lang ako. Nag-aalala kasi ako sa 'yo, na baka nambababae na ang asawa mo, hindi mo pa alam.”

*Si Jude... nambababae?*

Saka lang nakabawi si Ellen nang tuluyang mawala sa paningin niya ang kotse ni Marco.



Nasa loob ng sasakyan sina Ellen at Jude nang umagang iyon. Sumaglit lang ang asawa sa opisina para sa isang meeting at agad ding umuwi.

“May naalala ako habang pauwi ako kanina,” ani Jude na nagmamaneho ng sasakyan.

“Ano ’yun?”

Nilingon siya nito saglit para titigan sa mga mata. “Ikaw.”

Hindi niya mapigilan ang mapabungisngis. “What about me?”

“Yung sinabi mo dati na may mga pangarap ka bago ikasal, tulad ng traveling around the world...” Napangiti ito. “Tsaka ’yung pupunta ng *Disneyland* na hindi ko alam kung pangarap ba dapat iyon ng isang may asawa na.”

Ngumuso si Ellen. “You think it’s childish.”

“Well, it is!” Tumawa ito. “But for now, I’ll take you to *Enchanted Kingdom*.”

Her eyes widened. “Magra-rides tayo?”

He rolled his eyes. “Well, yeah. Pero dadaan muna tayo ng Batangas.”

“Ano ang gagawin natin sa Batangas?”

“You’ll see.”



Nakasunod lang si Ellen sa asawa habang naglalakad ito papasok sa *Coral Beach Reasort*. She admired the place.

“Buti hindi matao,” komento niya.

“It’s early December, dear wife. Malamig na kaya walang

gaaanong nagbi-beach.” Nilingon siya nito. He took her hand and brought it to his lips. Ellen blushed at the gesture.

Ibinaba na nito ang mga kamay nila at napatungo si Ellen doon. Hindi niya maramdaman ang sinasabi nitong lamig kapag hawak o yakap niya ito.

“Why are we here anyway?” Hinila siya ni Jude papasok sa clubhouse. A few people were eating, some of them were foreigners.

“To please you.” Binitawan nito ang kamay niya para ipaghila siya ng upuan.

Umupo si Jude sa tabi niya sa halip na sa puwesto sa kanyang harapan.

Pagkatapos kumain, naglakad-lakad silang mag-asawa sa dalampasigan. Nag-rent din sila ng cottage. Kasama nila ngayon ang isang guide at abala si Jude sa paghahanda ng pamingwit.

“Remember n’ung nangisda tayo sa Palawan?” Tumabi si Ellen sa asawa.

Kumunot ang noo ni Jude, kunwari nainis. “Yup. At itinapon mo ’yung nahuli kong isda, isinama mo pa talaga ’yung timba sa inihagis mo sa dagat.”

“Hoy!” Tumawa ni Ellen. Umakyat si Jude pasakay sa motorboat at inalalayan siya nito para makapuwesto sa bangka. “I didn’t mean it. Kumakawag-kawag ’yung isda kaya nagulat ako.”

“Excuses, excuses...” ngisi nito. Tumabi si Jude sa kanya.

Yumakap siya sa baywang ng asawa. Pagdating nila sa resort, medyo nagulat siya nang pagbukas nito ng trunk ng sasakyan ay may tig-isang bag doon. Iyon pala, pinag-empake nito si Manang Gina ng mga pamalit nilang damit. May plano pala itong isama siyang mag-outing.

Sinimulang paandarin ng mga bangkero ang motorboat. Sa

umpisa ay mabagal lamang iyon, at mabini ang mga alon. Pero makalipas ang may labinlimang minuto, pakiramdam ni Ellen ay pabilis nang pabilis ang takbo ng bangka at natatakot na siya sa laki ng mga alon na sumasalpok sa tabi nito.

Napatingala siya sa asawa at ikinawit ang mga braso sa leeg nito.

“Mukhang naglalambing ka, ah.” Malakas ang boses nito, para magkarinigan sila sa ibabaw ng ingay ng motorboat.

“Hindi ko na mapigil...” parang narinig niyang bulong nito.

His eyes widened. Iyon ba talaga ang sinabi ni Ellen? Ganoon na ba ito ka-hot para sa kanya ngayon?

“Wife, behave!” Iniangat niya ang baba nito at nakitang maputla si Ellen. Bigla itong kumalas sa kanya at dumungaw sa kabilang panig ng bangka. At nagsuka.

“Shit...” he muttered. Agad siyang lumapit sa asawa, hindi malaman ang gagawin. Hinayaan niya itong magsuka. Nang matapos ito at medyo mahimasmasan, isinandal niya ito sa dibdib niya para maalalayan sa pagkakayuko.

Napapikit si Ellen, medyo nahihilo pa rin sa mabilis na andar ng motorboat.

“Are you okay?” Jude asked.

She nodded.

Napabuntong-hininga ito. “Why didn’t you tell me you were feeling seasick? You weren’t like this when we were in the yacht?”

“Hindi... hindi mo naman pinaandar’yung yate that time.”

He rolled his eyes. “At gusto mo pa talaga mag-rides sa *EK* sa lagay na ’yan. Hindi kaya magkalat ka lang d’un?”

“No! Sa dagat lang talaga ako ganito.”

Jude would do well to remember that. Napailing siya. “Babalik na tayo sa resort.” Sinabihan nito ang tour guide na nagbigay

naman ng instruction sa mga bangkero.

When the boat stopped, Jude picked her up and carried Ellen bridal style.

“Put me down—”

“Huwag ka nang makulit.” Naglalakad na ito sa buhanginan. Pinagtitinginan sila ng mga tao habang papunta sila sa cottage. Isinuksok na lang ni Ellen ang mukha sa dibdib ng asawa. “Magpapahinga ka sandali, ’tapos uuwi na tayo.”

“No!” parang bata na tingala niya dito. “Sabi mo mag-e-*Enchanted* pa tayo...” Nagawang buksan ni Jude ang cottage kahit pa karga siya nito.

Ibinaba siya nito nang makapasok sila sa pinto. “You’re not feeling well.”

“I am well. Nahilo lang talaga ako kanina.” Umikot-ikot si Ellen, matamlay nga lang nang konti. “Look! Okay na talaga ako!”

Pinigilan siya ni Jude nang gayak na iikot siya ulit at napailing na lang. “Fine. Basta magpapahinga ka muna.”

“I’m going to brush my teeth first. Ugh. Hindi ko gusto ‘yung lasa sa bibig ko.”

He chuckled.



Tulog na si Ellen sa kama nang lumabas si Jude mula sa banyo ng cottage. Hindi niya gustong istorbohin ang tulog nito pero gusto niyang tumabi sa asawa. Pinagbigyan niya ang sarili sa huli, humiga sa kama at niyakap ito.

Naalimpungatan si Ellen at humarap siya kay Jude para yumapos sa baywang nito.

“Balik tayo dito sa summer. Ano sa tingin mo?” Jude kissed the top of her head.

“Sure.” Paos ang boses niya, pati ang tawa niya, halatang galing

sa tulog.

He looked down and stared at her face.

“Bakit?” tanong ni Ellen.

“You didn’t do anything special or extraordinary...”

Naningkit ang mga mata ni Ellen, tuluyan nang nagising.

“Ano ang ibig mong sabihin?”

“You’re a poor cook, you trapped me in a set-up wedding...”

“Oh...” Napayuko siya.

“But I am comfortable with you. I feel incomplete without you.” Itinaas nito ang baba niya kaya napatingin siya ulit dito.

Ellen was grinning now. “Uh-huh?”

“Yes.” Nakatitig si Jude sa kanya. “It’s like everything is in place. I feel at ease... parang walang problema.” He shook his head and laughed. “I don’t know you at all and I’m comfortable with you. So I hacked your *Facebook* account, hoping I’d get to know you better—”

“That’s not the way to do it.”

“I know. And I’m sorry kung ginawa ko ’yun. Hindi ko na uulitin...”

Lumabi si Ellen, tumango-tango.

“...nang walang permiso mo,” dugtong ni Jude.

Hinampas niya ito sa dibdib. “Ewan ko sa ’yo. Tekang, bakit mo ba pinagsasabi ang mga iyan?”

“I guess what I’m trying to say is...” He became serious. “I... I love you, Ellen.”

She was astounded.

Jude leaned down to kiss her lips. Niyakap niya na lang ito sa leeg at tinugon ang mainit nitong halik.

Habol nila ang hininga nang maghiwalay.

“Do you love me too, Ellen?”



Namula siya at isinubsob ang noo sa balikat nito bago ito muling tinitigan. “I couldn’t have given myself to you, Mr. Jude Castillo, kung hindi pa kita mahal.”

Napangiti ito. “And I was worried you’d say I just seduced you.” He kissed her lips gently. Then he stared at her again. “I want to hear you say it.”

“I love you, Jude.” At binigyan niya ito ng mabilis na halik sa mga labi.

“I will make you happy, Ellen,” he promised. Niyakap siya nito.

“Starting with *Enchanted Kingdom*?” Naramdaman niya ang pag-iling ni Jude sa taas ng ulo niya.

“You and your one-track mind. Mayamaya tayo umalis. Let’s stay like this for a while.”

“Okay.” She closed her eyes again.